



## Ipasok natin ang mga bata sa kindergarten at nursery schools

Ang bilang ng mga dayuhang residente sa Fujimino City ay umabot ng 3,269 nitong Enero 2024, o nadagdagan ng 708 sa loob ng 4 na taon. Tatalakayin natin ang paksa tungkol sa kindergartens at nursery schools dahil malamang ay dumami din ang bilang ng mga bata.

■ **Ayon sa prinsipyo ay walang bayad ang pagpasok ng mga batang may edad na 3 ~ 5 taong gulang sa mga kindergarten, nursery school, atbp. pa na**

■ **Ang babayaran ng mga magulang ay bayarin sa transportasyon, mga materyales sa pagkain, mga bayarin sa kaganapan, at iba pa.**

Gayunpaman, kung ang mga bata ay mula sa sambahayan na may taunang kita na mas mababa sa 3.6 milyong yen, at mga bata mula sa ikatlong anak pataas sa lahat ng mga sambahayan, ay hindi nila babayaran ang singil para sa side meal (ulam, meryenda, atbp.).

※ Para sa mga kindergartens na hindi sakop ng Programa para sa suporta sa pagpalaki ng mga anak, magtanong sa inyong munisipyo kung kakailanganin ang sertipikasyon para makakuha ng suporta o maibalik ang perang ibinayad.

■ **Ayon sa prinsipyo ang pagpa-alaga ng batang may edad na 0 ~ 2 taong gulang ay karaniwang babayaran ng magulang, ngunit libre ito para sa mga sambahayan na hindi pinatawan ng buwis sa paninirahan.**

Ang nakakatandang anak na pumapasok sa nursery school atbp. ay binibilang na unang anak, para sa ika-2 anak ang babayaran ay kalahati ng gastusin, at magiging libre para sa ikatlong anak at sa mga sumusunod.

■ **May serbisyo ng pagpa-alaga sa Kindergarten**

Ang serbisyo ng pagpa-alaga sa kindergarten ay ang patuloy na pagpa-aruga ng bata pagkatapos ng klase sa kinderganten. Mga batang may edad 3 ~ 5 taong gulang ay maaring ipaalaga ng libre sa gastusin na hanggang 11,300 yen.

\* Upang maging kwalipikado ay kailangan ng sertipikasyon ng pangangailangan ng pangangalaga sa bata.

■ **Pagpa-alaga ng anak sa hindi lisensyadong nursery**

Kumplikado ang sistemang ito kung kaya't magkonsulta sa inyong munisipyo o city hall o di kaya maaring dumulog sa FICEC para sa pagpapayo.

※ Naaangkop ito sa mga hindi maipasok ang kanilang anak sa mga nursery at iba pang sertipikadong mga paalagaan

※ Tanging mga pasilidad ng pangangalaga sa bata na nasa proseso ng pagpasa ng lisensya sa prepektura at nakakatugon sa mga pamantayang itinakda ng bansa.

■ **Mga batang may kapansanan na hindi pa pumapasok sa elementarya ay maari ding gumamit**

Kwalipikadong mga bata ay dapat may edad na 3 taong gulang at maari silang pumasok simula ng Abril 1 ng pasukan sa loob ng 3 taon hanggang sila ay pumasok sa elementarya. Maari silang pumasok sa kindergarten, nursery o iba pang sertipikadong paalagaan at libre ang pagpa-alaga sa mga pasilidad.

○ Ang mga gastos maliban sa mga bayarin sa paggamit (mga gastusin sa medikal, mga gastos sa pagkain, at iba pa) ay sasagutin ng magulang o guardian.



Dito sa Japan, ang mga kindergarten at nurseries ay karaniwang walang bayad kung kaya't inirerekomenda naming gamitin ang mga pasilidad na ito upang ang inyong anak ay matuto ng Nihongo at masanay sa pamumuhay dito. Ang pag-apply para sa pagpasok sa kindergarten, nursery, at iba pa ay nangangailangan ng oras kung kung kaya't magsangguni ng maaga.

# Videos na mapagkukuhanan ng impormasyon (sa 18 wika)



<https://tsunagarujp.bunka.go.jp/useful-videos>

Ang bagong video na naisagawa ng Agency for Cultural Affairs tungkol sa sistema at pamumuhay dito sa Japan at iba pang impormasyon ay mapapanood sa website ng "TSUNAHIRO". Ang video ay nakasalin sa 18 na mga wika.



- Pagsagawa ng Resident registration sa city hall
- Sistema ng pagbubuwis
- Sistema ng Medical care
- Sistema ng Pensyon
- Pagtugon sa emergency
- Mga aktibidad/ebento ng komunidad
- Tamang paraan ng pagtapon ng basura
- Iba pang mga konsultasyon

Sa website ng "TSUNAHIRO" (Iugnay at Pagbutihin ang iyong buhay sa wikang Hapon) ay may iba pang videos: "Pagbasa at pagsulat ng mga salitang gamit sa pang-araw-araw", Paggaya at pagsulat ng pangalan at adress.

[https://tsunagarujp.bunka.go.jp/read-write#name\\_address](https://tsunagarujp.bunka.go.jp/read-write#name_address)





**Facebook page ng Tokyo Regional Immigration Bureau**

Mga impormasyong dapat malaman!

- Pamamaraan sa airport
- Pagtatanong sa katayuan ng paninirahan (Engineer/Specialist on Humanities/internasyonal na serbisyo)
- Online application sa FRESC (Foreign Residents Support Center)

## Café FICEC


Sumali tayo at magkaroon ng mga kaibigan sa pagtitipon at kasiyahan gamit ang Ingles (90 minuto)

- **Marso 3, Abril 7, Mayo 12**
- Oras: 14:00–15:30
- Tumawag sa: 049-256-4290



### Eksibisyon ng kasaysayan ng "Information Fujimino" itatanghal din sa Miyoshi Town

- Kailan: Mayo 11 ~ 15
- Saan : Miyoshi Town  
**Fujikubo Community Center**  
7-minuto lakad mula sa Tsuruse Station



### Nangangailangan ng mga Translator volunteers!

Translator sa :  
Tagalog, Thai, Chinese, Indonesian, at iba pa  
FICEC Tel: 049-256-4290